# Sa pag-tanggal ng Direct Hiring, tuloy-tuloy ang overcharging!

Walang-tigil ang dalang disaster ng POEA, DoLE, OWWA at gobyernong Arroyo sa migrante.

Kabilang na dito ang mga sumusunod:

*- Patuloy na "paglakas" ng piso na pumapatay naman sa ating remitans*
*- POEA guidelines na nagdagdag ng mga bayarin sa porma ng "training"*
*- OWWA Omnibus Policies na nagkait ng serbisyo sa maraming migrante*
*- Samut-saring mga singilin para lamang lalong kumita sa mga OFWs.*

Ngayon naman ay ang POEA Memorandum Circular 04 na sa praktika ay magtatanggal sa direct hiring at isusubo ang mga migrante sa overcharging.

Sa ilalim ng MC-04 na ipiatupad noong Enero 15, pwersadong magbayad sa gubyerno ni Arroyo ang sinumang kukuha ng Filipino domestic helper sa pamamagitan ng direct hiring ng tumataginting na US$8,000 (HK$56,000) – US$5,000 sa repatriation bonds, US$3,000 sa performance bonds.

At tulad ng kanilang ipinangako sa POEA guidelines at iba pang polisiya, ito raw ay para sa ating "proteksyon."

Sinungaling!

Sa tuwing magpapakulo ang gobyerno, bukambibig na nila ang proteksyon. Ngunit lagi rin, nakikitang wala itong katotohanan.

Paanong magiging proteksyon ang bagong pakanang ito samantalang hindi man lang nila nasolusyonan ang mas maraming katiwalian at paghihirap na dinanas natin sa ilalim ng mga recruitment agencies? Ang overcharging ang pinagmumulan ng marami nating problema at hindi ang direct hiring!

Paano ang mga re-contract? Paano ang mga pinayagang mag-proseso sa Hong Kong? Tila walang pinag-iba ang MC-04 sa Memorandum Circular 41 na matagumpay nating napabasura noong 1998. Sa ilalim ng MC-41, nilayon nitong gawing mandatory sa OFWs ang dumaan sa recruitment agency.

Sawang-sawa na tayo sa delubyong mga polisiya ng gobyerno. Hindi natin ito dapat palampasin. Katulad ng POEA Guidlines at iba pang pakana, protesta ang isalubong natin sa MC-04.

*Labanan ang mga pahirap ng gobyernong Arroyo!*

*Ibasura ang MC-04!*

**Ating pag-usapan ang MC-04!**

**Kayo ay inaanyayahan sa Kapihan ng Migrante sa Li Hall, St. John's Cathedral sa Pebrero 3, 2:00-5:00PM.**

**Kumontak sa UNIFIL (Dolo- 97472986; Eman-97585935)**

**UNITED FILIPINOS IN HONG KONG**


# Sa pag-tanggal ng Direct Hiring, tuloy-tuloy ang overcharging!

Walang-tigil ang dalang disaster ng POEA, DoLE, OWWA at gobyernong Arroyo sa migrante.

Kabilang na dito ang mga sumusunod:

*- Patuloy na "paglakas" ng piso na pumapatay naman sa ating remitans*
*- POEA guidelines na nagdagdag ng mga bayarin sa porma ng "training"*
*- OWWA Omnibus Policies na nagkait ng serbisyo sa maraming migrante*
*- Samut-saring mga singilin para lamang lalong kumita sa mga OFWs.*

Ngayon naman ay ang POEA Memorandum Circular 04 na sa praktika ay magtatanggal sa direct hiring at isusubo ang mga migrante sa overcharging.

Sa ilalim ng MC-04 na ipiatupad noong Enero 15, pwersadong magbayad sa gubyerno ni Arroyo ang sinumang kukuha ng Filipino domestic helper sa pamamagitan ng direct hiring ng tumataginting na US$8,000 (HK$56,000) – US$5,000 sa repatriation bonds, US$3,000 sa performance bonds.

At tulad ng kanilang ipinangako sa POEA guidelines at iba pang polisiya, ito raw ay para sa ating "proteksyon."

Sinungaling!

Sa tuwing magpapakulo ang gobyerno, bukambibig na nila ang proteksyon. Ngunit lagi rin, nakikitang wala itong katotohanan.

Paanong magiging proteksyon ang bagong pakanang ito samantalang hindi man lang nila nasolusyonan ang mas maraming katiwalian at paghihirap na dinanas natin sa ilalim ng mga recruitment agencies? Ang overcharging ang pinagmumulan ng marami nating problema at hindi ang direct hiring!

Paano ang mga re-contract? Paano ang mga pinayagang mag-proseso sa Hong Kong? Tila walang pinag-iba ang MC-04 sa Memorandum Circular 41 na matagumpay nating napabasura noong 1998. Sa ilalim ng MC-41, nilayon nitong gawing mandatory sa OFWs ang dumaan sa recruitment agency.

Sawang-sawa na tayo sa delubyong mga polisiya ng gobyerno. Hindi natin ito dapat palampasin. Katulad ng POEA Guidlines at iba pang pakana, protesta ang isalubong natin sa MC-04.

*Labanan ang mga pahirap ng gobyernong Arroyo!*

*Ibasura ang MC-04!*

**Ating pag-usapan ang MC-04!**

**Kayo ay inaanyayahan sa Kapihan ng Migrante sa Li Hall, St. John's Cathedral sa Pebrero 3, 2:00-5:00PM.**

**Kumontak sa UNIFIL (Dolo- 97472986; Eman-97585935)**

**UNITED FILIPINOS IN HONG KONG**